# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 3*
# *Sa Pagtatayo ng MakaDios na Pamliya at Simbahan ng Dios*

Sa mensaheng ito tayo ay magpapatuloy na talakayin ang mga halimbawa ng mga kalalakihan at kababaihan mula sa Banal na Kasulatan na nangangatakot sa Dios at ang kanilang pagkatakot na katangian ay nakatulong sa kanila upang magtayo ng kanilang pamilya, protektahan ang simbahan ng Dios at makipagtulungan sa Dios upang itaguyod ang Kanyang Kaharian. Mula sa mga Banal na Kaulatan matutunan natin ang mga alintuntunin na gagabay sa atin upang simulang matakot sa Dios sa buhay ng mga taong nakapalibot sa atin at sa ilalim ng ating pangangalaga.

***5. Itinayo ni Esther ang simbahan ng Dios,, habang si Zeres ay nais wasakin ito:*** Si Zeres ay asawa ni Aman na napopoot laban kay Mardecheo, naghanda ng pagsasabwatan laban sa lahat ng mga Judío upang lipulin sa ika-labintatlo ng labing dalawa ng buwan. Sa pagkarinig ng lahat ng iyon ang mga Judío ay nagsimulang magayuno at kalaunan ay naengganyo si Esther na pumunta sa Hari upang hilingin sa kanya na makialam upang iligtas ang kanyang buhay at iligtas ang bayan ng Judío gaya ng mababasa natin dito sa salaysay kung paanong hinamon siya ni Mordecheo na manindigan sa Dios sa ipagtanggol ang Kanyang bayan: ***"1 Nang maalaman nga ni Mardocheo ang lahat na nagawa, hinapak ni Mardocheo ang kaniyang suot, at nanamit ng kayong magaspang na may mga abo, at lumabas sa gitna ng bayan, at humiyaw ng malakas at kalagimlagim na hiyaw: 2 At siya'y naparoon hanggang sa harap ng pintuang-daan ng hari: sapagka't walang makapapasok sa loob ng pintuang-daan ng hari na nakapanamit ng magaspang na kayo. 3 At sa bawa't lalawigan, na kinararatingan ng utos ng hari at ng kaniyang pasiya, ay nagkaroon ng malakas na panangisan sa gitna ng mga Judio, at ng pagaayuno, at ng iyakan at ng taghuyan; at marami ay nagsipanamit ng kayong magaspang at mga abo. 4 At ang mga dalaga ni Esther at ang kaniyang mga kamarero ay nagsiparoon, at isinaysay sa kaniya; at ang reina ay namanglaw na mainam: at siya'y nagpadala ng bihisan upang isuot ni Mardocheo, at upang hubarin ang kaniyang kayong magaspang: nguni't hindi niya tinanggap. 5 Nang magkagayo'y tinawag ni Esther si Atach, na isa sa mga kamarero ng hari, na siya niyang inihalal na magingat sa kaniya, at binilinan niyang pumaroon kay Mardocheo, upang maalaman kung ano yaon, at kung bakit gayon. 6 Sa gayo'y nilabas nga ni Atach si Mardocheo, sa luwal na dako ng bayan, na nasa harap ng pintuang-daan ng hari. 7 At isinaysay sa kaniya ni Mardocheo ang lahat na nangyari sa kaniya, at ang lubos na kabilangan ng salapi na ipinangako ni Aman na ibayad sa mga ingatang-yaman ng hari hinggil sa mga Judio, upang lipulin sila. 8 Binigyan din niya siya ng salin ng pasiya na natanyag sa Susan upang lipulin sila, upang ipakilala kay Esther, at ipahayag sa kaniya: at upang ibilin sa kaniya na siya'y paroon sa hari upang mamanhik sa kaniya, at upang hingin sa kaniya, dahil sa kaniyang vayan. 9 At si Atach ay naparoon, at isinaysay kay Esther ang mga salita ni Mardocheo. 10 Nang magkagayo'y nagsalita si Esther kay Atach, at nagpasabi kay Mardocheo, na sinasabi. 11 Lahat ng lingkod ng hari at ang bayan ng mga lalawigan ng hari ay nangakakaalam, na sinoman, maging lalake o babae, na paroroon sa hari sa pinakaloob na looban, na hindi tinatawag, may isang kautusan sa kaniya, na siya'y patayin, liban yaong paglawitan ng hari ng gintong cetro, upang siya'y mabuhay: nguni't hindi ako tinawag na paroon sa hari ng tatlong pung araw na ito. 12 At isinaysay nila kay Mardocheo ang mga salita ni Esther. 13 Nang magkagayo'y pinapagbalik ng sagot sila ni Mardocheo kay Esther: Huwag mong isipin sa iyong sarili na ikaw ay makatatanan sa bahay ng hari, ng higit kay sa lahat na mga Judio. 14 Sapagka't kung ikaw ay lubos na tumahimik sa panahong ito, ay magtataglay nga ng katiwasayan at kaligtasan ang mga Judio sa ibang dako, nguni't ikaw at ang sangbahayan ng iyong magulang ay mapapahamak: at sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito? 15 Nang magkagayo'y nagpabalik ng sagot si Esther kay Mardocheo: 16 Ikaw ay yumaon, pisanin mo ang lahat na Judio, na nangakaharap sa Susan, at ipagayuno ninyo ako, at huwag kayong magsikain o magsiinom man na tatlong araw, gabi o araw; ako naman at ang aking mga dalaga ay mangagaayuno ng gayon ding paraan; at sa gayo'y papasukin ko ang hari, na hindi ayon sa kautusan: at kung ako'y mamatay ay mamatay. 17 Sa gayo'y yumaon si Mardocheo at ginawa ang ayon sa lahat na iniutos ni Esther sa kaniya." (Ester 4 :1-17)*** Ang salaysay dito ni Esther nang siya sa una niyang pagtanggi sa kahilingan ay kagaya ng maraming mga Cristiano sa ngayon na may parehong maling saloobin gaya nang ikinilos ni Esther. Sa una si Esther nang narinig niya si Mordecheo na nakadamit ng magaspang nagpadala siya ng damit upang ipangpalit upang siya makayaon sa pintuan ng daanan ng hari. Ngunit tinanggihan niya ang damit at ipinadala niya ang mensahe kay Esther hinihiling sa kanya na pumunta at gumawa ng pagsusumamo sa hari na gawin ang isang bagay upang iligtas ang kanilang buhay. Sa una si Esther ay tumanggi dahil ayaw niyang manganib ang kanyang buhay. Pagkatapos niyang mag-asawa, naging asawa ang hari, namumuhay sa Palasyo na may lahat ng mga pribilehiyo ayaw mawala ang kanyang buhay at ang lahat ng mga bagay na siya'y nasisiyahan, ang pagkain, ang damit, ang mga kasambahay, ang katanyagan, ang kapayapaan, at ang madaling buhay. Batid niyang si Mordecheo ay nag-aayuno dahil siya'y namuhay kasama niya, at siya ang nag-alaga sa kanya, at batid niya ang ibig sabihin ng pagsusuot ng damit na magaspang ay pag-aayuno at pinadalhan niya ng damit dahil ayaw niyang mag-ayuno. Maraming mga Cristiano sa ngayon sila'y nabubuhay nang hindi nag-aayuno, kundi paghahanda sa bawat pagkakataon, pagsasaya sa buhay at pagsasantabi ng mga pakikibaka ng Panginoon na kailangan ng pananalangin at pag-aayuno. Huwag maging

kabilang sa ganoon na dahil na pagkatapos pagpalain sila ng Dios, at tinanggap na nila ang mabubuting bagay at ang kung anong nais nila lumayo kasama ng kanilang buhay, ng kanilang trabaho, ng kanilang mga mga plano, gusto nilang magsaya sa kanilang buhay; iniwan nila ang simbahan ng Dios at ministerio ; iniwan nila ng buhay ng pananalangin at pag-aayuno at iniwan nila ang ministerio, abala sa sarili nilang buhay, pag-iwan sa gawain ng Dios, at nagmalasakit lamang sa kanilang sarili at hindi namamalayan na maraming tao ang inalipin ng diyablo na nangangailangan ng kanilang tulong para sa pagliligtas. Sa kanilang buhay ay mayroong pagkamakasarili at walang takot sa Dios, kaya naman nang nakita ni Mordecheo si Esther na hinila ang kanyang sarili palabas ipinadala niya ang kanyang pagsaway at babala, ***‘‘Huwag mong isipin sa iyong sarili na ikaw ay makatatanan sa bahay ng hari, ng higit kay sa lahat na mga Judio. 14 Sapagka't kung ikaw ay lubos na tumahimik sa panahong ito, ay magtataglay nga ng katiwasayan at kaligtasan ang mga Judio sa ibang dako, nguni't ikaw at ang sangbahayan ng iyong magulang ay mapapahamak: at sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito?”*** Ang pagsaway na iyon ay nakagulantang sa kanya, at dalangin ko na ang mensahe ay isang pagsaway at isang babala sa lahat na nakarinig ng mensahe at makarating sa kabuuan nito. Dalangin ko na magising ka sa iyong pagkakatulog at pagkamakasarili at malaman ang nais ng Dios sa iyo. * Huwag isipin na ikaw ay nasa isang ligtas na lugar kapag tumanggi ka masangkot sa gawain ng Dios at yumaon sa larangan ng pakikibaka upang gawin ang gawain ng Dios, ikaw ay magtatapos sa impierno at kahihiyan dahil tumangging kang maglingkod sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban. * Huwag din isipin na ang gawain ng Dios ay hihinto nang wala ka, dadalhin ng Dios ang Kanyang pagpapalaya at kaligtasan sa iba sa pamamagitan ng ibang paraan at ikaw at ang mga nanindigan kasama mo ay mapapahiya.

Si Esther ay natakot sa Dios nang hinamon siya ni Mardecheo nang ipinadala sa kanya ang mensaheng ito : Si Esther ay tumugon sa utos ni Mardecheo ang taong kumopkup sa kanya, at ang babala na ipinadala sa kanya mula sa Salita ng Dios. Gawin ang katulad at tumugon sa mensahe ng Dios na iyong narinig ngayon. Si Esther kasama ng kanyang kasambahay ay nag-ayuno at noong ikatlong araw ay kinuha ang panganib at pumasok sa presensya ng hari. Ang Dios ay sumasa kanya at natamo niya ang biyaya mula sa hari at ang kanyang buhay ay naligtas gaya ng mababasa natin dito: ***‘‘1 Nangyari nga, nang ikatlong araw, na nagsuot si Esther ng kaniyang bihisang pagkareina, at tumayo sa pinakaloob ng bahay ng hari, sa tapat ng bahay-hari; at ang hari ay naupo sa kaniyang luklukang hari sa bahay-hari, sa tapat ng pasukan sa bahay. 2 At nagkagayon, nang makita ng hari si Esther na reina na nakatayo sa looban, na siya'y nagtamo ng biyaya sa kaniyang paningin: at inilawit ng hari kay Esther ang gintong cetro na nasa kaniyang kamay. Sa gayo'y lumapit si Esther, at hinipo ang dulo ng cetro. 3 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa kaniya, Anong ibig mo, reina Esther? at ano ang iyong hiling? mabibigay sa iyo kahit kalahati ng kaharian. 4 At sinabi ni Esther, Kung inaakalang mabuti ng hari, pumaroon sa araw na ito ang hari at si Aman sa pigingan na aking inihanda sa kaniya. 5 Nang magkagayo'y sinabi ng hari, Papagmadaliin si Aman upang magawa ang gaya ng sinabi ni Esther. Sa gayo'y naparoon ang hari at si Aman sa pigingan na inihanda ni Esther. 6 At sinabi ng hari kay Esther sa pigingan ng alak: Ano ang iyong hingi? at ipagkakaloob sa iyo at ano ang iyong hiling? kahit kalahati ng kaharian ay ipagkakaloob. 7 Nang magkagayo'y sumagot si Esther, at nagsabi, Ang aking hingi at ang aking hiling ay ito ; 8 Kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa paningin ng hari, at kung kalugdan ng hari na ipagkaloob ang aking hingi, at gawin ang aking hiling, na pumaroon ang hari at si Aman sa pigingan na aking ihahanda sa kanila, at aking gagawin bukas na gaya ng sinabi ng hari.’’ (Esther 5: 1-8 KJV)*** Dalangin ko na gaya ng pagtugon ni Esther ikaw din na nakinig ay tumugon sa tawag ng Dios sa iyo at simulang gawin ang gawain na hinihiling niya sa iyo na gawin.

Gaya ng ating binasa na inanyayahan ni Esther si Haring Assuero at si Aman sa isang piging, at nang sila’y dumulog inanyayahan niya sila sa pangalawang pagkakataon. Pagkatapos ng unang pagkakataon si Aman ay umuwi sa tahanan masaya na iniisip na siya ay naparangalan, ngunit siya ay napoot dahil hindi siya binigyang pugay ulit ni Mardocheo. ***‘‘9 Nang magkagayo'y lumabas si Aman sa araw na yaon na galak at may masayang puso: nguni't nang makita ni Aman si Mardocheo sa pintuang-daan ng hari, na hindi siya tumayo o kumilos man sa kaniya, siya'y napuno ng pagkapoot laban kay Mardocheo.’’ (Esther 5:9 KJV)*** Dapat tayong maging kagaya ni Mardocheo huwag dapat tayong yumukod sa mga taong nais gumawa sa atin ng masasamang bagay laban sa Dios at sa Kanyang Salita, nagtitiwala sa Kanya na Siya ang magtatanggol sa atin.

Tayo ay magpatuloy sa pagbasa: ***‘‘10 Gayon may nagpigil si Aman sa kaniyang sarili, at umuwi sa bahay; at siya'y nagsugo at tinipon ang kaniyang mga kaibigan at si Zeres na kaniyang asawa. 11 At isinaysay ni Aman sa kanila ang kaluwalhatian ng kaniyang mga kayamanan, at ang karamihan ng kaniyang mga anak, at lahat ng bagay na ipinagkaloob ng hari sa kaniya, at kung paanong siya'y nataas ng higit kay sa mga prinsipe at mga lingkod ng hari. 12 Sinabi ni Aman, bukod dito: Oo, si Esther na reina ay hindi nagpasok ng sinoman na kasama ng hari sa pigingan na kaniyang inihanda kundi ako lamang; at kinabukasan naman ay inaanyayahan niya ako na kasama ng hari. 13 Gayon ma'y ang lahat ng ito'y walang kabuluhan sa akin habang aking nakikita si Mardocheo na Judio na nakaupo sa pintuang-daan ng hari. 14 Nang magkagayo'y sinabi ni Zeres na kaniyang asawa at ng lahat niyang kaibigan sa kaniya: Magpagawa ka ng isang bibitayan na may limang pung siko ang taas, at sa kinaumagahan ay salitain mo sa hari na bitayin doon si Mardocheo: kung magkagayo'y yumaon kang masaya na kasama ng hari sa pigingan. At ang bagay ay***

***nakalugod kay Aman; at kaniyang ipinagawa ang bibitayan." (Esther 5:10-14)*** Nakikita mo rito ang masamang babaeng si Zeres kung paano niya itinulak pa ang kanyang asawa upang ipahamak si Mardocheo na kabahagi ng simbahan ng Dios at isa sa pangunahing pinuno.

Ngunit sa pangawalang araw nakialam ang Dios sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pananalangin at pag-aayuno: gaya ng batid natin na ang lahat ng mga tao ay nag-aayuno at nanangis sa Dios. Sa pangalawang araw si Haring Asserus ay pinarangalan si Mardocheo para sa malaking paglilingkod na nagawa niya sa nakaraan sa pamamagitan ni Mardocheo sa pagliligtas sa buhay ng Hari. At ang Hari ay humiling kay Aman na isagawa ang karangalan para kay Mardocheo. Ating basahin kung panong ito'y naganap: ***"1 Nang gabing yaon ay hindi makatulog ang hari; at kaniyang iniutos na dalhin ang aklat ng mga alaala ng mga gawa, at mga binasa sa harap ng hari. 2 At nasumpungang nakasulat, na si Mardocheo ay nagsaysay tungkol kay Bigthana at kay Teres, dalawa sa mga kamarero ng hari, sa nangagingat ng pintuan na nangagisip magbuhat ng kamay sa haring Assuero. 3 At sinabi ng hari, Anong karangalan at kamahalan ang nagawa kay Mardocheo sa bagay na ito? Nang magkagayo'y sinabi ng mga lingkod ng hari na nagsisipaglingkod sa kaniya, Walang anomang nagawa sa kaniya. 4 At sinabi ng hari, Sino ang nasa looban? Si Aman nga ay pumasok sa looban ng bahay ng hari, upang magsalita sa hari na bitayin si Mardocheo sa bibitayan na inihanda niya sa kaniya. 5 At ang mga lingkod ng hari ay nagsabi sa kaniya. Narito, si Aman ay nakatayo sa looban. At sinabi ng hari, Papasukin siya. 6 Sa gayo'y pumasok si Aman. At ang hari ay nagsabi sa kaniya, Anong gagawin sa lalake na kinalulugdang parangalin ng hari? Sinabi nga ni Aman sa kaniyang sarili: Sino ang kinalulugdang parangalin ng hari na higit kay sa akin? 7 At sinabi ni Aman sa hari, Sa lalake na kinalulugdang parangalin ng hari, 8 Ay dalhan ng damit-hari na isinusuot ng hari, at ng kabayo na sinasakyan ng hari, at putungan sa ulo ng putong na hari: 9 At ang bihisan at ang kabayo ay mabigay sa kamay ng isa sa pinakamahal na prinsipe ng hari, upang bihisang gayon ang lalake na kinalulugdang parangalin ng hari, at pasakayin siya sa kabayo sa lansangan ng bayan, at itanyag sa unahan niya; Ganito ang gagawin sa lalake na kinalulugdang parangalin ng hari. 10 Nang magkagayo'y sinabi ng hari kay Aman, Ikaw ay magmadali, at kunin mo ang bihisan at ang kabayo, gaya ng iyong sinabi, at gawin mong gayon kay Mardocheo, na Judio, na nauupo sa pintuang-daan ng hari; huwag magkulang ang anomang bagay sa lahat na iyong sinalita. 11 Nang magkagayo'y kinuha ni Aman ang bihisan at ang kabayo, at binihisan si Mardocheo, at pinasakay sa lansangan ng bayan, at nagtanyag sa unahan niya: Ganito ang gagawin sa lalake na kinalulugdang parangalin ng hari. 12 At si Mardocheo ay bumalik sa pintuang-daan ng hari. Nguni't si Aman ay nagmadaling umuwi, na tumatangis at may takip ang ulo. 13 At isinaysay ni Aman kay Zeres na kaniyang asawa at sa lahat niyang mga kaibigan ang bawa't bagay na nangyari sa kaniya. Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang mga pantas na lalake, at ni Zeres na kaniyang asawa sa kaniya: Kung si Mardocheo, na iyong pinasimulang kinahulugan sa harap, ay sa binhi ng mga Judio, hindi ka mananaig laban sa kaniya, kundi ikaw ay walang pagsalang mahuhulog sa harap niya. 14 Samantalang sila'y nakikipagsalitaan pa sa kaniya, dumating ang mga kamarero ng hari at nagmadaling dinala si Aman sa pigingan na inihanda ni Esther." (Esther 6:1-14)*** Si Aman sa nangyari ay nalagay sa kahihiyan. Patuloy tayong poprotektahan ng Dios at gagawin ang mga bagay para sa ating ngalan at gagantimpalaan tayo sa Kanyang kapanahunan at sa Kanyang paraan gaya ng makikita natin sa kung anong ginawa ng Dios dito.

***''12 At si Mardocheo ay bumalik sa pintuang-daan ng hari. Nguni't si Aman ay nagmadaling umuwi, na tumatangis at may takip ang ulo. 13 At isinaysay ni Aman kay Zeres na kaniyang asawa at sa lahat niyang mga kaibigan ang bawa't bagay na nangyari sa kaniya. Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang mga pantas na lalake, at ni Zeres na kaniyang asawa sa kaniya: Kung si Mardocheo, na iyong pinasimulang kinahulugan sa harap, ay sa binhi ng mga Judio, hindi ka mananaig laban sa kaniya, kundi ikaw ay walang pagsalang mahuhulog sa harap niya. 14 Samantalang sila'y nakikipagsalitaan pa sa kaniya, dumating ang mga kamarero ng hari at nagmadaling dinala si Aman sa pigingan na inihanda ni Esther." (Esther 6:12-14 KJV)*** Sa nangyari at ang mga puna na natanggap ni Aman mula sa kanyang mga kaibigan at sa kanyang asawang si Zeres ay isang babalang pahayag. Ngunit sila'y hindi nagsisisi nang nagsabi sila tungkol doon.

Sa wakas si Aman ay binitay sa parehong araw sa parehong bitayan na inihanda para kay Mardocheo. Si Esther ay babaeng may takot sa Dios at nakiaalam sa tamang panahon upang iligtas ang bayan ng Dios, ang Kanyang simbahan, ***"1 Sa gayo'y naparoon ang hari at si Aman sa pigingan na kasama ni Esther na reina. 2 At sinabi uli ng hari kay Esther nang ikalawang araw sa pigingan ng alak: Ano ang iyong hingi, reina Esther? at ibibigay sa iyo: at ano ang iyong hiling? kahit kalahati ng kaharian ay ipagkakaloob. 3 Nang magkagayo'y sumagot, at nagsabi si Esther na reina, Kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, Oh hari, at kung kalulugdan ng hari, ipagkaloob sa akin ang aking buhay sa aking hingi at ang aking bayan sa aking hiling: 4 Sapagka't kami ay naipagbili, ako at ang aking bayan upang ipahamak, upang patayin, at upang lipulin. Nguni't kung kami ay naipagbili na mga pinakaaliping lalake at babae, ako'y tumahimik, bagaman hindi mababayaran ng kaaway ang bagabag sa hari. 5 Nang magkagayo'y nagsalita ang haring Assuero, at nagsabi kay Esther na reina: Sino siya, at saan nandoon siya, na nangangahas magbanta na gumawa ng gayon? 6 At sinabi ni Esther, Ang isang kaaway at kaalit: itong masamang si Aman. Nang magkagayo'y natakot si Aman sa harap ng hari at ng reina. 7 At ang hari ay tumindig sa pigingan ng alak sa kaniyang***

***pagkapoot, at pumasok sa halamanan ng bahay-hari: at si Aman ay tumayo upang ipamanhik ang kaniyang buhay kay Esther na reina; sapagka't nakita niya na may kasamaang ipinasiya laban sa kaniya ang hari. 8 Nang magkagayo'y bumalik ang hari na mula sa halamanan ng bahay-hari hanggang sa pigingan ng alak; at si Aman ay sumubsob sa hiligan na kinaroroonan ni Esther. Nang magkagayo'y sinabi ng hari, Kaniya bang dadahasin ang reina sa harap ko sa bahay? Pagkabigkas ng salita sa bibig ng hari ay kanilang tinakpan ang mukha ni Aman. 9 Nang magkagayo'y sinabi ni Harbona, na isa sa kamarero na nasa harap ng hari: Narito naman, ang bibitayan na may limang pung siko ang taas, na ginawa ni Aman ukol kay Mardocheo, na siyang nagsalita sa ikabubuti ng hari, ay nakatayo sa bahay ni Aman. At sinabi ng hari, Bitayin siya roon. 10 Sa gayo'y binitay nila si Aman sa bibitayan na inihanda niya ukol kay Mardocheo. Nang magkagayo'y napayapa ang kapootan ng hari." (Esther 7:1-10 KJV)*** Makikita mo rito ang kapangyarihan ng panalangin at pag-aayuno, at makikita mo rin ang babae na may takot sa Dios kung paanong sa lugar na inilagay siya ng Dios ay makakagawa siya ng dakilang mga bagay sa Dios, Kahit ikaw ngayon ang aking mga kapatid na Lalake at Babae sa alinman dako na inilagay ka ng Dios makakagawa ka ng malaking pagbabago upang ipagtanggol ang gawain ng Dios, upang protektahan ang Kanyang simbahan at upang itaguyod ang Kaharian ng Dios.

Muling nanawagan si Ester sa Hari na maglabas ng isa pang sulat upang baligtarin ang mga sulat na kinatha ni Aman na anak ni Hammedatha na Agagite, na isinulat niya upang lipulin ang mga Judio na nasa lahat ng lalawigan ng hari. Sumang ayon ang Hari tungkol doon, at sinabi niya kay Mardocheo, ***"8 Sumulat naman kayo sa mga Judio, kung anong maibigan ninyo sa pangalan ng hari, at tatakan ninyo ng singsing ng hari: sapagka't ang sulat na nasusulat sa pangalan ng hari, at natatakan ng singsing ng hari ay walang taong makatitiwali. 9 Nang magkagayo'y tinawag ang mga kalihim ng hari ng panahong yaon, sa ikatlong buwan, na siyang buwan ng Sivan, nang ikadalawang pu't tatlo niyaon; at nasulat ayon sa lahat na iniutos ni Mardocheo sa mga Judio at sa mga satrapa, at sa mga tagapamahala at mga prinsipe ng mga lalawigan na nandoon mula sa India hanggang sa Etiopia, na isang daan at dalawang pu't pitong lalawigan, sa bawa't lalawigan ayon sa sulat niyaon, at sa bawa't bayan ayon sa wika nila, at sa mga Judio ayon sa sulat nila, at ayon sa wika nila. 10 At kaniyang sinulat sa pangalan ng haring Assuero, at tinatakan ng singsing ng hari, at nagpadala ng mga sulat sa pamamagitan ng mga sugo na nagsisipangabayo na nangakasakay sa mga matulin na kabayo na ginagamit sa paglilingkod sa hari, at sa mga batang dromedario; 11 Na pinagkakalooban ng hari ang mga Judio na nangasa bawa't bayan, na magpipisan, at ipagsanggalang ang kanilang buhay, upang magpahamak, pumatay, at magpalipol, sa buong kapangyarihan ng bayan at lalawigan na loloob sa kanila, sa kanilang mga bata at mga babae, at kumuha ng samsam sa kanila na pinakahuli, 12 Sa isang araw sa lahat na lalawigan ng haring Assuero, nang ikalabing tatlong araw ng ikalabing dalawang buwan, na siyang buwan ng Adar." (Esther 8:8-12 KJV)*** Ang hari ay hindi magawang bawiin ang ang unang sulat na inilathala ni Aman, ngunit siya sa sulat niyang ito ay nagbigay ng pahintulot sa mga Judio, ***at ipagsanggalang ang kanilang buhay, upang magpahamak, pumatay, at magpalipol, sa buong kapangyarihan ng bayan at lalawigan na loloob sa kanila".*** Kaya ang mga Judio ay hindi malolooban kundi ipagtanggol lamang ang kanilang sarili kung sila'y lulusubin ng mga pangkat ni Aman. Sa parehong paraan kailangan nating gawin ang ating bahagi upang protektahan ang ating sarili mula sa mga gumagawa ng masama ngunit hindi dapat natin silang saktan at lusubin. Kaya kung ang pangkat ni Aman at kasama ang kanyang asawa at ang kanyang mga anak ay hindi lumusob, hindi sila lulusubin ng mga Judio. Ngunit sa tanging araw na iyon ang pangkat ni Aman kasama ang kanyang sampung anak ay nilusob ang mga Judio, ***"1 Sa ikalabing dalawang buwan nga, na siyang buwan ng Adar, nang ikalabing tatlong araw ng buwan ding yaon, nang ang utos ng hari at ang pasiya niya ay malapit nang gagawin, nang araw na inaasahan ng mga kaaway ng mga Judio na magpuno sa kanila; (yamang napabaligtad, na ang mga Judio ay siyang naghari sa kanila na nangapopoot sa kanila), 2 Ang mga Judio ay nagpipisan sa kanilang mga bayan sa lahat na lalawigan ng haring Assuero, upang magbuhat ng kamay sa mga nagbabanta ng kanilang kapahamakan: at walang makatayo sa kanila; sapagka't ang takot sa kanila ay nahulog sa lahat ng mga bayan. 3 At lahat ng mga prinsipe sa mga lalawigan, at ang mga satrapa, at ang mga tagapamahala, at ang mga nagsisigawa ng gawain ng hari, ay nagsitulong sa mga Judio; sapagka't ang takot kay Mardocheo ay suma kanila, 4 Sapagka't si Mardocheo ay dakila sa bahay ng hari, at ang kaniyang kabantugan ay lumaganap sa lahat ng mga lalawigan: sapagka't ang lalaking si Mardocheo ay dumakila, ng dumakila. 5 At sinaktan ng mga Judio ang lahat ng kanilang mga kaaway sa taga ng tabak, at sa pagpatay at paggiba, at ginawa ang naibigan nila sa nangapopoot sa kanila. 6 At sa Susan na bahay-hari ay nagsipatay ang mga Judio at nagsilipol ng limang daang lalake. 7 At si Phorsandatha, at si Dalphon, at si Asphatha, 8 At si Phoratha, at si Ahalia, at si Aridatha. 9 At si Pharmastha, at si Arisai, at si Aridai, at si Vaizatha, 10 Na sangpung anak ni Aman, na anak ni Amedatha, na kaaway ng mga Judio, ay pinatay nila; nguni't sa pagsamsam, hindi nila binuhat ang kanilang kamay." (Esther 9:1-10)*** Si Zeres kahit pagkatapos pagkamatay ng kanyang asawa ay nais maghiganti at wasakin ang mga Judio at ang simbahan ng Dios. Ang mga taong hindi nangangatakot sa Dios ay hindi iisipin kung ang simbahan ng Dios ay napinsala ngunit ang mga taong nangangatakot sa Diyos gagawin nila ang lahat upang tiisin ang pag uusig upang maprotektahan ang simbahan ng Diyos at ang mga ministeryo ng Diyos tulad nina Mardocheo at Esther.

***"30 Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: nguni't ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. 31 Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan." (Kawikaan 31:30-31)*** Ang mga pagpupuri ay ibinibigay sa babaeng gaya ni Esther at sa mga nagtatag sa kanila gaya ni Mardocheo sa takot sa Dios. Ang mga kalalakihan at kababaihan na nangangatakot sa Dios ay higit na kailangan sa ngayon sa buhay ng mga pamilya, sa buhay ng simbahan at sa buhay ng mga ministerio ng Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Dapat mangatakot ang mga kalalakiha at kababaihan sa Dios at sumunod sa Kanya, at sa kanilang pagpapahayag ng kanilang takot sa Dios at ang kanilang pananampalataya sa Kanya, kapag silang dalawa, bilang mga magulang ay sinanay ang kanilang mga anak upang durugin ang ulo ni Satanas at patigilin ang gawain ni diablo sa kanilang buhay. Na sa huli ang kanilang mga anak ay tatayong may takot sa Dios upang magpatuloy sa paggawa at pamumuno ng gawain ng Dios gaya ng ginawa ni Mardocheo at Esther.
Kaya't: * Ito ay napakahalangang kailangan para sa makaDios na pag-aasawa na ang mga kalalakihan at kababaihan ay may takot sa Dios. Dahil ang layunin ng pag-aasawa ay magpalaki ng mga anak na may takot sa Dios na sa huli'y magtatayo ng simbahan ng Dios. * Kung ikaw ay walang asawa at naghahanap upang magkaroon ng isang pamilya sa gayon kailangan mong ilagay sa iyong isip na mag-asawa sa isang taong may takot sa Dios.

Ngayon ay lumapit sa Panginoon at ipangakong muli ang iyong sarili sa gawain ng Dios at paglingkuran Siya. Matakot sa Dios at ipangakong muli ang iyong sarili na gagawin ang lahat ng iyong makakaya upang protektahan ang Kanyang simbahan at mga ministerio mula sa gawa ng masama. Ipangakong muli ang iyong sarili upang yumaon at ipangaral ang evangelio at labanan ang gawa ng diablo at tulungan ang mga tao na alipin ng kapangyarihan ng kadiliman.
Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay muli sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang kahalagahan ng pagkatakot sa iyo sa buhay ng iyong simbahan at sa mga manggagawa na naglilingkod sa iyo.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong kamunduhan, kawalang-ingat sa gawain ng Dios, at kakulangan ng pangako, at ang iyong pagkamakasarili. Magsisi sa iyong kawalang-ingat na disiplinahin ang mga anak at turuan sila ng Salita ng Dios at isapamuhay ang kanilang buhay para sa Kanya at matakot sa Kanya sa bawat kilos at desisyon na kanilang gagawin. Panginoon ipinahayag at nagsisisi ako mula sa sumusunod na mga kasalanan:_______________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa aking natutunan sa iyong mensahe, na matakot sa iyo at gawin ang aking bahagi upang protektahan ang iyong gawain at ang iyong simbahan mula sa gawa ng mga kaaway. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tuntunin ng pananalangin at pag-aayuno na aking natutunan mula sa mensahe. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na palakihin ang aking mga anak na may takot sa iyo, na sila'y maglilingkod sa iyo at isapamuhay ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon bigyan mo ako ng lakas ng loob at tapang na dumaan sa pag uusig at sa mga mahirap na sitwasyon na pinahintulutang mong pagdaanan ng aking pamilya at ng iyong simbahan.*
*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay sa pagkatakot sa iyo at patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon dalangin ko para sa kanila na bigyan mo sila ng pagkilala upang kanilang makilala ang iyong mga kaaway. Panginoon protektahan sila at bigyan sila ng lakas ng loob na patuloy na magtiis sa iyong gawain, Panginoon ibigay ang para sa kanila upang sila'y patuloy na maglingkod sa iyo.*
*Panginoon dalangin ko na kami'y iyong pagpapalain bilang isang simbahan at ang takot sa iyo ay mapasa mga manggagawa at sa mga kasapi ng simbahan na ang bawat isa ay gawin ang iyong kalooban. Panginoon puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga Espirituwal na kaloob na kailangann naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon bigyang-daan kaming magevangelio at ipalaganap ang iyong Salita. Panginoon tulungan kaming gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang iba upang paglingkuran ka at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates

Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com